

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BILANG TUGON SA COVID-19**  
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 56)**

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois at nagpapatuloy na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa tumataas na kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmision sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng birus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

**SAPAGKAT**, para sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng publiko sa buong Estado ng Illinois, at upang matiyak na ang aming sistema ng paghahatid ng pangangalaga ng kalusugan ay may kakayahang maglingkod sa mga may sakit, nalaman kong kinakailangan na gumawa ng karagdagang mga hakbang na naaayon sa patnubay sa kalusugan ng publiko upang mabagal at mapigil ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Oktubre 16, 2020, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, muli kong idineklara na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, ang makikipagtulungan sa mga eksperto sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, naglabas ako ng sadyang plano na gumagamit ng maraming mga patong nga mga hakbang sa pagpapagaan upang labanan ang muling pagsiklab ng COVID-19 at maiwasan ang hindi mapigilan na pagkalat; at,

**SAPAGKAT**, inilarawan ng nasabing plano ang dalawang sitwasyon na magiging sanhi upang ang Estado ay magtaguyod ng mas mahigpit na mga panukala sa pampublikong kalusugan at magpataw ng karagdagang mga pagpapagaan sa isang rehiyon: una, isang matagal na pagtaas sa 7-araw na rolling average (7 sa 10 na araw) sa positivity rate, kasama ang alinman (a) isang matagal na pagtaas ng 7-araw na pagpapaospital para sa isang sakit na tulad ng COVID, o (b) isang pagbawas sa kapasidad ng ospital na nagbabanta ng mga kakayahan sa pagsulong (kapasidad ng ICU o mas mababa sa 20% ang mga pang-medikal/pang-surgical na kama); o pangalawa, tatlong magkakasunod na araw na nakakakuha ng mas malaki kaysa sa o katumbas ng isang 8% na positivity rate (7 araw na rolling average); at,

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang pagkalat ng COVID-19 sa Rehiyon 5, na binubuo ng mga probinsya ng Marion, Jefferson, Wayne, Edwards, Wabash, Perry, Jackson, Franklin, Williamson, Saline, Hamilton, White, Gallatin, Union, Johnson, Pope, Hardin, Alexander, Massac, at Pulaski, ay naging dahilan ng pangalawa sa mga senaryo habang ang rehiyon ay lumagpas sa o katumbas ang 7% COVID-8 na positivity rate (19 araw na rolling average) para sa tatlong magkakasunod na araw; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ay kumonsulta sa mga lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan at mga pinuno sa Rehiyon 5 upang matukoy ang naaangkop na mga diskarte sa pagpapagaan para sa pampublikong kalusugan para sa mga tiyak na hamon na kinakaharap ng rehiyon sa pagtatangkang pigilan ang karagdagang pagkalat ng COVID-19;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, at alinsunod sa mga Seksyon 7(1), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan na ipinahayag sa mga batas sa pampublikong kalusugan ng Estado, aking inuutos ang mga sumusunod, simula 12:01 ng umaga ng Oktubre 22, 2020:

Seksyon 1. Ang mga sumusunod na paghihigpit at pagpapagaan para sa pampublikong kalusugan ay itinatag para sa Rehiyon 5, na binubuo ng mga probinsiya ng Marion, Jefferson, Wayne, Edwards, Wabash, Perry, Jackson, Franklin, Williamson, Saline, Hamilton, White, Gallatin, Union, Johnson, Pope, Hardin, Alexander, Massac, at Pulaski:

- a. Pagpapagaan para sa mga restawran at inuman. Ang mga restawran at inuman sa rehiyon ay napasailalim sa mga paghihigpit at mga hakbang sa pagpapagaan, na dugtong sa patnubay ng Ikaapat ng Yugto mula sa Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya para sa Panloob at Panlabas na Kainan:
  1. Lahat ng mga restawran at inuman sa rehiyon ay dapat magsara ng alas-onse ng gabi, at dapat manatiling nakasara hanggang alas-sais ng umaga ng sumunod na araw.
  2. Lahat ng mga restawran at inuman sa rehiyon ay dapat itigil ang panloob na pagkonsumo sa lugar.
  3. Lahat ng mga parokyano na kumakain o umiinom sa lugar ay dapat na nakaupo sa mga panlabas na mesa na may pagitan ng hindi bababa sa anim na talampakan. Ang maramihang partido ay hindi dapat nakaupo sa iisang mesa.
  4. Ang mga parokyano na hindi pa nakaupo sa isang lamesa ay dapat maghintay sa labas at, habang naghihintay, hindi dapat magtipon-tipon sa mga pangkat na mas malaki sa grupo na kasama nilang kakain. Ang pagtayo, pagtitipon, o pagsasayaw sa loob ay hindi pinapayagan.
  5. Ang bawat grupo ay dapat may reserbasyon, kahit na isinagawa sa mismong lugar, upang ang restawran o inuman ay impormasyon na makokontak para sa bawat grupo kapag kailangan ang contact tracing.
- b. Pagpapagaan para sa mga pagpupulong at mga kaganapan sa lipunan. Ang mga pagpupulong at mga kaganapan sa lipunan sa rehiyon ay napasailalim sa mga paghihigpit na ito at mga hakbang sa pagpapagaan, na dugtong sa patnubay ng Ikaapat na Yugto mula sa Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya para sa Panloob at Panlabas na Kainan:
  1. Ang mga pagpupulong at mga kaganapan sa lipunan ay limitado sa mas mababa sa 25 na katao o 25% ng pangkalahatang kapasidad ng silid.
  2. Ang mga listahan ng pagdalo ay dapat itago para sa contact tracing.
  3. Ang mga bus para sa pagdiriwang ay hindi pinapayagan.
- c. Pagpapagaan para sa pasugalan at mga casino. Ang pasugalan at mga casino sa rehiyon ay napasailalim sa mga paghihigpit na ito at mga hakbang sa pagpapagaan:
  1. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay dapat sarado, at mga istasyon ng pasugalan ay dapat tumigil ang operasyon sa pagitan ng alas-onse ng gabi at alas-sais ng umaga ng sumunod na araw.
  2. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay limitado sa 25% na kapasidad.
  3. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay dapat sumunod sa mga estratehiya ng pagpapagaan para sa mga restawran at mga inuman para sa mga bahagi ng kanilang pasilidad.
- d. Pagpapagaan para sa lahat ng lugar ng trabaho. Ang mga negosyo at mga establisyemento ay dapat magtaguyod ng malayuang pagtatrabaho para sa mga indibidwal na may mataas na peligro, at dapat suriin kung ang dapat dagdagan ang mga manggagawa na magtatrabaho nang malayuan. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hinihikayat ang malayuang pagtatrabaho para sa manggagawa hangga't maaari.

Seksyon 2. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay karagdagan sa Community Revitalization Order (Kautusang Tagapagpaganap 2020-43), na nananatiling epektibo bukod sa kung ang mga termino nito ay hindi naaayon sa mga malinaw na itinakda sa Seksyon 1 sa itaas. Ang mga karagdagang kailangan para sa Community Revitalization Order, kabilang ang mga kailangan na nauugnay sa pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at pagsusuot ng mga takip sa mukha, ay nanatili. Ang mga pagbubukod na nakalagay sa Seksyon 4 ng Community Revitalization Order ay nalalapat sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

Seksyon 3. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang mabigat.

---

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Oktubre 21, 2020

Isinalin ng Kalihim ng Estado Oktubre 21, 2020

